

Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika





A Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

Pagdating sa Japan

Kapag mananatili sa Japan




Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



A Uri ng visa o status of residence

▲ [Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



A Uri ng visa o status of residence

▲ [Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

Habang nasa Japan, sa mga sumusunod na panahon	Kailan	Mga bagay at dokumentong kailangang ihanda	Saan	Ang gagawin
Kapag nais maging permanenteng residente		Kailangang matupad ang ilang kondisyon upang makatanggap ng pahintulot * Kapag nakatanggap na ng pahintulot, may bayad na 8,000 yen (para sa revenue stamp)	Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar	2-5 Mag-aplay para sa pahintulot na maging permanenteng residente
Kapag pansamantalang lalabas ng Japan	Hanggang 10 araw bago ang petsa ng pagkawalangkisa ng visa	1 Application form para humingi ng pahintulot para muling makapasok sa Japan (re-entry permit) 2 Pasaporte 3 Alien registration card * Kapag nakatanggap na ng pahintulot, may bayad bilang processing fee na 3,000 yen (single entry) o di kaya'y 6,000 yen (multiple entry)	Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar	2-7 Mag-aplay para sa pahintulot na para muling makapasok sa Japan (single entry) 2-7 Mag-aplay para sa pahintulot na para muling makapasok sa Japan (multiple entry)
Kapag nais kumuha ng visa para sa sanggol na ipinanganak sa Japan	Sa loob ng 30 araw mula sa araw na ipinanganak	1 Application form para humingi ng pahintulot para sa pagkuha ng visa o residence status 2 Sertipiko sa pagrehistro ng kapanganakan (shushou todoke), talaan ng kalusugan ng mag-ina (boshi kenkou techou), atbp 3 Pasaporte o alien registration card ng magulang	Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar	2-8 Apply for permission to acquire status of residence



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



A Uri ng visa o status of residence

▲ [Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

Kailangan mo ang visa (status of residence) para manatili sa Japan. May 27 uri ng visa at sa bawa't uri, nakatakda ang gawain na maaaring isagawa at ang tagal ng panahon ng pananatili sa Japan.

1 Pagkumpirma ng uri ng visa (status of residence)

Kapag pumasok at mananatili sa Japan, maaaring pagpasiyahan ang uri ng visa (status of residence) at ang tagal ng pananatili ayon sa layunin ng inyong pagpunta sa Japan. Nakasulat ang uri ng visa at ang tagal ng pananatili sa inyong pasaporte, kaya ating siguraduhin ang mga impormasyong ito.



- 1 Nangangahulugan na sa ika-11 ng Marso 2005 upang manatili ng maikling panahon sa Japan para sa layunin tulad ng turismo o pagbisita ng
- 2 binigyang pahintulot na may tagal na 90 araw
- 3 pagbaba mula sa Terminal 2 ng Narita Airport.

Hinalaw mula sa pamphlet tungkol sa pamamahala ng immigration, "Shutsunyuukoku Kanri no Shiori" (Gabay sa Imigration Control) ng Immigration Bureau of Japan, Ministry of Justice

May 27 uri ng visa at bawal magsagawa ng gawaing di sakop sa ipinagkaloob ng visa.

(1) Visa na pinapahintulutang magtrabaho (16 na uri)

Uri ng visa(status of residence)	Mga gawain na maaaring isagawa habang nasa Japan <halimbawa ng trabaho sa bawa't kategorya>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Diplomat	Mga gawain ng mga miyembro na kabahagi ng misyong pangdiplomasya o nagtatrabaho sa mga gobyernong may opisyal na tanggapan sa Japan. Ang mga gawain ng mga indibidwal, mga pribiliheyo, at imunidad ay sumasang-ayon sa internasyonal na kasunduan. Ang visang ito ay ibinibigay sa mga kabahagi ng misyong diplomasya at kanilang kasamang pamilya. <ambassador, minister o consul general at ang kani-kanilang pamilya>	Panahon ng kanilang panunungkulan bilang diplomat	○
Official	Mga gawain ukol sa opisyal na misyon ng dayuhang bansa o internasyunal na organisasyon na kinikilala ng Japan at kani-kanilang kasamang pamilya (maliban sa mga nakasaad sa visa na "Diplomat") <empleyado ng gobyernong dayuhan at ang kani-kanilang pamilya>	Panahon ng kanilang panunungkulan bilang opisyal	○



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



A Uri ng visa o status of residence

▲ [Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

Uri ng visa(status of residence)	Mga gawain na maaaring isagawa habang nasa Japan <halimbawa ng trabaho sa bawa't kategorya>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Professor	Mga gawain patungkol sa research, edukasyon at sa kolehiyo, mga kasintulad na institusyon ng edukasyon o "koutou senmongakkou" <propesor o lekturer sa unibersidad, atbp>	1 taon o 3 taon	<input type="radio"/>
Artist	Mga gawain patungkol sa sining na nagbibigay ng sweldo, kabilang ang musika, pagpinta, literatura, atbp. (hindi kabilang ang mga gawain na nakasaad sa visa na "Entertainer") <pintor, composer, manunulat>	1 taon o 3 taon	<input type="radio"/>
Religious activities	Mga gawain ng mga misyonaryo patungkol sa relihiyon at mga dayuhang organisasyon ng relihiyon <mga misyonaryo na ipinadala ng kani-kanilang organisasyong pangrelihiyon>	1 taon o 3 taon	<input type="radio"/>
Journalist	Mga sinusundang balita at iba pang gawain sa pagpapahayag na isinasagawa sa pamamagitan ng kontrata sa dayuhang organisasyong mamamahayag. <mamamahayag o photographer ng dayuhang organisasyon ng media>	1 taon o 3 taon	<input type="radio"/>
Investor/business manager	Mga gawain na may kinalaman sa pagpapatakbo ng negosyo, paglalaan ng kapital para sa isang negosyo, at pagpapatakbo ng isang kompanya (kabilang ang dayuhang administrador dito), o mga negosyong itinatatag ng Hapon na kung saang ang dayuhan ay may kinalaman o kaugnayan sa negosyo bilang manager o tagapamalakad nito (hindi pinanghihintulutan ang mga aktibidades na may kinalaman sa "legal o accounting services") <manager o administrador ng kompanya>	1 taon o 3 taon	<input type="radio"/>
Legal / Accounting Services	Permiso sa mga gawain na may kinalaman sa abogasya at akawnting. Kinakailangan na ang mga abogado ay kinikilala bilang espesyalista sa foreign law at mga accountant na kaugnay ang trabaho sa foreign accounting <abogado, accountant, atbp>	1 taon o 3 taon	<input type="radio"/>
Medical Services	Mga gawain na ugnay sa pagpapagamot na kinakailangan isagawa ng mga duktor, dentista at iba pang may legal na kakayahan <duktor, dentista, pharmacist, nars>	1 taon o 3 taon	<input type="radio"/>
Researcher	Mga gawain na ugnay sa pananaliksik sa pamamagitan ng kontrata sa isang pampubliko o pribadong organisasyon sa Japan (hindi kabilang ang mga gawain na nakasaad sa "Professor") <researcher ng pampamahalaang institusyon o ng isang kompanya>	1 taon o 3 taon	<input type="radio"/>



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



A Uri ng visa o status of residence

▲ [Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

Uri ng visa(status of residence)	Mga gawain na maaaring isagawa habang nasa Japan <halimbawa ng trabaho sa bawa't kategorya>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Instructor	Mga gawain na ugnay sa pagtuturo ng wika, atbp sa elementarya, junior high school, high school o sa paaralan para sa mga bulag, may kapansanan, nakakataas (advanced) na eskwelang pang-vocational ("senshuu gakkou"), eskwelang pang-vocational ("kakushu gakkou") at iba pang institusyon ng edukasyon na kahalintulad ng eskwelang pang-vocational <nagtuturo ng wika sa elementarya, junior high school at high school>	1 taon o 3 taon	○
Engineer	Mga gawain na may ugnay sa serbisyo na nangangailangan ng teknolohiya o kaalaman tungkol sa siyensiya, engineering, at iba pang sangay ng siyensiya at may kontrata sa pampubliko o pribadong organisasyon sa Japan (hindi sakop ang gawain na nakapaloob sa "Professor" at mga gawain ng "Investor/Business Manager," at mula "Medical Services" hanggang sa "Instructor," at di rin sakop ang "Intra-company Transferee" at "Entertainer") <mechanical engineer>	1 taon o 3 taon	○
Specialist in Humanities/International Services	Mga gawain na ugnay sa serbisyo na nangangailangan ng kaalaman tungkol sa law, economics, sociology at iba pang sangay ng humanities o mga serbisyo na nangagailangan ng partikular na kaalaman o pagiging sensitibo tungo sa kultura ng ibang bansa, at may kontrata sa pampubliko o pribadong organisasyon sa Japan (hindi sakop ang mga gawain na nakapaloob sa "Professor," "Artist" at "Journalist" at liban din ang mga gawain mula sa "Investor/Business Manager" hanggang sa "Instructor") <nagtuturo ng English sa kompanya, designer, interpreter, atbp>	1 taon o 3 taon	○
Intra-company transferee	Mga gawain ng mga worker na nalipat sa opisina sa Japan sa loob ng itinakdang panahon ng mga kumpanya mula sa ibang bansa o ng mga pampubliko o pribadong organisasyon na may head office, sangay o iba pang opisina sa Japan at kaugnay sa mga gawain ng "Engineer" or "Specialist in Humanities/International Services." <empleyadong ipinalipat mula sa opisina sa ibang bansa>	1 taon o 3 taon	○
Entertainer	Mga gawain ugnay sa teatro, musika, sports at show business (hindi kabilang ang gawain na nakasaad sa "Investor/Business Manager" <singer, dancer, actor, propesyonal na manlalaro, atbp>	3 buwan, 6 na buwan o 1 taon	○
Skilled Labor	Mga gawain ugnay sa mga serbisyo na nangangailangan ng mga industrial technique at kasanayan sa pamamagitan ng kontrata sa isang pampubliko o pribadong organisasyon sa Japan <cook ng lutuin ng iba't-ibang bansa, manggagawa ng precious metal, piloto, atbp>	1 taon o 3 taon	○



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



A Uri ng visa o status of residence

▲ [Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

(2) Visa na hindi pinahihintulatang magtrabaho (6 na uri)

Uri ng visa(status of residence)	Mga gawain na maaaring isagawa habang nasa Japan <halimbawa ng trabaho sa bawa't kategorya>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Cultural Activities	Gawaing pang-akademiya o may ugnay sa sining na walang tinatanggap na suweldo. Kasama din dito ang pagsagawa ng specialized research tungkol sa natatanging kultura o sining ng Japan o ng mga gawain para matutunan ito na may patnubay ng isang eksperto (hindi kabilang ang mga taong ang uri ng visa ay mula "college student" hanggang "trainee") <Researcher sa kultura ng Japan, atbp>	6 na buwan o 1 taon	×
Temporary Visitor	Maikling pagbisita sa Japan para sa mga layunin tulad ng sightseeing, libangan, sports, pagbisita sa pamilya, observation/study tour, pag-aaral, partisipasyon sa meeting, pakikipagkita para sa negosyo at mga gawain tulad nito <Turismo, maikling bisita na may layuning pang-negosyo, bisita sa pamilya/kaibigan, atbp>	15 araw, 30 araw o 90 araw	×
College Student	Gawain para makatanggap ng edukasyon sa mga unibersidad o mga paaralan katumbas nito; mga espesyal na kurso ng mga vocational school (o senshuu gakkou); institusyong pang-edukasyon na naghahanda ng mga estudyante na nakatapos ng 12 taon na pag-aaral sa ibang bansa upang sila'y makapasok sa unibersidad sa Japan at gawain para makapasok sa technical college (koutou senmon gakkou)<Estudyante sa unibersidad, junior college o technical college (koutou senmon gakkou)>	1 taon o 2 taon	×
Precollege student	Gawain para makatanggap ng edukasyon sa high school, sa high school para sa mga bulag o may kapansanan, sa mataas o pangkaraniwang kurso ng advanced vocational schools (o senshuu gakkou), o sa vocational schools (kakushu gakkou) (liban sa mga institusyon ng edukasyon na nakapaloob sa "College Student"), na may pasilidad o kurikulum katumbas <Estudyante sa mga high school, vocational school o mga iba pang uri ng paaralan (sa mataas na antas o pangkaraniwang aralin)>	6 na buwan o 1 taon	×
Trainee	Mga gawain para makapag-aral at matuto ng teknolohiya, kakayahan o kaalaman sa pampubliko o pribadong organisasyon sa Japan (liban ang mga gawain na nakapaloob sa "College Student" at "Pre-college Student") <Trainee>	6 na buwan o 1 taon	×
Dependent	Pang-araw-araw na gawain ng asawa o anak na sinusuportahan ng mga taong pinagkalooban ng visa bilang "Professor" hanggang "Cultural Activities" o mga ipinagkaloob ng visa na "College Student," "Precollege Student," o "Trainee" <Asawa o anak ng dayuhang nagtrabaho sa Japan>	3 buwan, 6 na buwan, 1 taon, 2 taon o 3 taon	×



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



A Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

(3) Visa na maaaring pagpasyahang bigyan ng pahintulot na makapagtrabaho ayon sa permisong ipinagkaloob sa baw't isang dayuhan (1 uri)

Uri ng visa(status of residence)	Mga espesyal na gawain na itinalaga ng Minister of Justice para sa mga dayuhan <domestic helper ng mga diplomat, mga manlalaro ng amateur sports, mga may layunin na working holiday o internship, atbp>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Designated Activities	Activities which have been specially designated by the Minister of Justice to an individual foreigner (employee of diplomat, working holiday, amateur sports player, skill apprentice)	1. 6 na buwan, 1 taon o 3 taon 2. Itatalaga ng Minister of Justice ang panahon para sa baw't dayuhan na di hihigit sa 1 taon	○

(4) Visa batay sa pagkakakilanlan o katayuan (4 na uri)

Uri ng visa(status of residence)	Mga gawain na maaaring isagawa habang nasa Japan <halimbawa ng trabaho sa baw't kategorya>	Tagal ng pananatili	Maaaring magtrabaho
Permanent Resident	Mga kinikilala ng Minister of Justice na permanent resident <Mga binigyan ng pahintulot ng Minister of Justice para manirahan nang permanente>	Walang taning na panahon	◎
Spouse or Child of Japanese National	Asawa ng Hapon, anak ng Hapon o di kaya'y inampon ng Hapon alinsunod sa nakasaad sa Article 817-2 ng Civil Code (Law No. 89 of 1896) <Asawa, tunay na anak o inampon ng Hapon>	1 taon o 3 taon	◎
Spouse or Child of Permanent Resident	Asawa ng mga ipinagkaloob ng "Permanent Resident" visa o ng mga espesyal na permanenteng residente na nakasaad sa Special Law on the Immigration Control para sa mga banyagang hindi napagkalooban ng Japanese citizenship ayon sa Peace Treaty (simula dito, ang tinaguriang "permanenteng residente, atbp.") o di kaya'y mga anak ng permanenteng residente, atbp sa Japan at ipinanganak at patuloy na naninirahan sa Japan <Asawa at tunay na anak ng isang permanteng residente o espesyal na permanent resident na ipinanganak sa Japan>	1 taon o 3 taon	◎
Long-Term Resident	Mga binigyan ng pahintulot na manirahan	1	◎



Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



A Uri ng visa o status of residence

▲ [Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

	sa Japan sa panahong itinalaga ng Minister of Justice habang isinalang-alang ang katangi-tanging dahilan para dito <mga refugees galing sa Indo-Tsina, mga refugees ng dahil sa isang treaty, mga ikatlong henerasyong nikkeijin, tutoong anak ng dayuhang asawa ng Hapon>	6 na buwan, 1 taon o 3 taon 2 Itatalaga ng Minister of Justice ang panahon para sa bawa't dayuhan na di hihigit sa 3 taon	
--	--	---	--

Paliwanag sa nilalaman ng hanay ng "Maaaring magtrabaho":

- ◎ : Walang nakatakdang kondisyon
- : Maaaring magtrabaho ayon sa mga nakatakdang kondisyon
- × : Hindi maaaring magtrabaho

Hinalaw mula sa datos ng Tokyo Employment Service Center for Foreigners





A Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

2 Tagal ng pananatili, Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, Pagbabago ng visa, Permanenteng residente, Pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa, Muling pagpasok sa Japan at Pagkuha ng visa

2-1 Tagal ng pananatili

May 9 na uri ng tagal ng pananatili na pinahihintulutan: 15 na araw, 30 na araw (1 buwan), 90 na araw, 3 buwan, 6 na buwan, 1 taon, 2 taon, 3 taon at 5 taon, bilang panahon para paghanda sa pag-alis. Kung nais manatili sa Japan na mas mahaba sa panahong ito, kailangang humingi ng pahintulot.

Tingnan ang chart [\(1\)](#) , [\(2\)](#) , [\(3\)](#) at [\(4\)](#) 1 Pagkumpirma ng uri ng visa (status of residence) tungkol sa tagal ng pananatili para sa bawa't visa.



A Uri ng visa o status of residence

▲ [Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

2 Tagal ng pananatili, Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, Pagbabago ng visa, Permanenteng residente, Pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa, Muling pagpasok sa Japan at Pagkuha ng visa

2-2 Pagpapatuloy (renewal) ng tagal ng pananatili

Kapag tumagal ang pananatili sa Japan at nais ipatuloy ang parehong gawain, kailangang isagawa ang pagpapatuloy (renewal) ng tagal ng pananatili. Maaari isagawa ang pag-aplay sa renewal bago dumating ang petsa ng pagkawalang-bisa ng inyong visa (para sa mga taong may visa na ang bisa ay 6 na buwan o higit pa maaaring mag-aply mula 2 buwan bago dumating ang petsa ng pagkawalang-bisa ng visa). Magkaiba ang mga dokumentong kakailanganin para sa proseso sa uri ng visa at sa tagal ng pananatili, kaya makipagsangguni sa tanggapan ng Immigration Bureau sa lugar na inyong tinitirhan.

Mga dokumentong kailangang ihanda	Saan ipapasa ang dokumento/Sanggunian	Mula at hanggang kailan	Processing fee
<p>1 Application form para sa renewal o pagpapatuloy ng tagal ng pananatili</p> <p>2 Pasaporte</p> <p>3 Alien registration card</p> <p>4 Dokumentong maaaring makakapagpatunay sa dahilang ibinigay sa pag-aplay.</p> <p><kung sakaling natanggap na ang pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa></p> <p>5 Sertipiko ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa</p> <p>Atbp</p> <p>Pagbigay ng mga dokumentong tumutugon sa uri ng gawain sa loob ng bansang Hapon.</p>	<p>Saan ipapasa ang dokumento: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar</p> <p>Sanggunian: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar o di kaya'y sa Foreign Resident Information Center (Tingnan ang 4 Mga katanungan tungkol sa pananatili sa Japan)□</p>	<p>Bago dumating ang petsa ng pagkawalang-bisa ng inyong visa (para sa mga taong may visa na ang bisa ay 6 na buwan o higit pa maaaring mag-aply mula 2 buwan bago dumating ang petsa ng pagkawalang-bisa ng visa).</p>	<p>Kapag natanggap ang pahintulot, kailangang magbayad ng 4,000 yen (para sa revenue stamp)</p>

Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



A Uri ng visa o status of residence

[▶ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

別記第三十号の二様式（第二十一条関係）

その1

Part 1

日本国政府法務省

Ministry of Justice, Government of Japan

Sample

在留期間更新許可申請書 APPLICATION FOR EXTENSION OF PERIOD OF STAY

入国管理局長 殿

To the Director General of Regional Immigration Bureau

出入国管理及び難民認定法第21条第2項の規定に基づき、次のとおり在留期間の更新を申請します。

Pursuant to the provisions of Article 21, Paragraph 2 of the Immigration-Control and Refugee-Recognition Act, I hereby apply for extension of period of stay.

1 国籍 Nationality _____ 2 氏名 Name _____
 3 性別 男・女 Sex Male / Female _____ 4 生年月日 Date of birth _____ 年 月 日 _____ 5 出生地 Place of birth _____
 6 配偶者の有無 有・無 Marital status Married / Single _____ 7 職業 Occupation _____ 8 本国における居住地 Home town / city _____
 9 日本における居住地 Address in Japan _____ 電話番号 Telephone No. _____
 10 旅券(1)番号 Passport Number _____ (2)有効期限 Date of expiration _____ 年 月 日 _____
 11 上陸許可又は在留資格取得年月日 Date of entry or permission to acquire status of residence _____ 年 月 日 _____
 12 現に有する在留資格 Status of residence _____ 在留期間 Period of stay _____ 在留期限 Date of expiration _____ 年 月 日 _____
 13 外国人登録証明書番号 Alien registration certification number _____
 14 希望する在留期間 Desired length of extension _____
 15 更新の理由 Reason for extension _____
 16 在日親族(父・母・配偶者・子・兄弟姉妹など)及び同居者 Family in Japan (Father, Mother, Spouse, Son, Daughter, Brother, Sister or others) or co-residents _____

続柄 Relationship	氏名 Name	生年月日 Date of birth	国籍 Nationality	同居 居 Residing with applicant or not はい・いいえ Yes / No	勤務先・通学先 Place of employment/school	在留資格 Status of residence
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		

(注) 様式その2及びその3にも記載してください(裏面参照)。 Note: Please fill in Form Part 2 and Part 3. (See Notes on Reverse Side.)

官 用 欄 FOR OFFICIAL USE ONLY

受 理 処 理 G・入 力

E. D. NO. _____ 外国人登録番号 _____

特受の場合 コード _____ 目的コード _____ 16-2の子の場合 コード _____ 取次の場合 コード _____
 特受 1. _____ 続 当 者 1. _____ 取次申請 1. _____

在留期間(事由発生日) 年 月 日 _____ 資格・期間コード _____ 借居の場合 コード _____ 扶養事由 コード _____
 伸長 1. _____ 別居 2. _____ 条件 _____

台 帳 区 分 _____ 受理庁コード _____ 受理番号 _____ 寄附調査 コード _____
 受理年月日 _____ 許可年月日 _____ 寄附調査 有り 1. _____

不許可の場合 コード _____ 決裁区分 _____
 不許可 1. _____

(出入 30の2 (ロ))





A Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

2 Tagal ng pananatili, Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, Pagbabago ng visa, Permanenteng residente, Pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa, Muling pagpasok sa Japan at Pagkuha ng visa

2-3 Illegal na pananatili (overstay)

Kapag lumampas nang kahit isang araw sa takdang panahong pinagkaloob ng visa, ito ay magiging kaso bilang ilegal na pananatili sang-ayon sa batas at hindi papayagang makapasok sa Japan ng limang taon. Ang sumusunod ang magiging proseso para sa pagpapauwi ng mga taong nahuling nag-overstay.

<p>Karaniwang paraan ng pag-uwi</p>	<p>Kapag nag-overstay ng bahagyang panahon dahil sa di maiwasang pangyayari tulad ng sakit, isagawa ang proseso para sa renewal ng tagal ng pananatili at kapag pinahintulutan, maaari makauwi sa karaniwang paraan kaya tumungo agad sa pinakamalapit na tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar.</p>
<p>Pag-uwi ayon sa isang departure order</p>	<p>Ang mga ilegal na natili sa Japan ay hindi huhulihin at mapapahintulutang maka-uwi sa kanyang bansa sa mabilis na paraan kung ito ay susunod sa mga ilang patakaran.</p> <p>(1) Ang sumuko kaagad sa Immigration Bureau ng kanilang lugar at buo ang nais na lumabas ng Japan.</p> <p>(2) Ang hindi sapilitan ipinaalis sa bansang Hapon sa dahilan maliban sa pagpanatili na lampas sa pahintulot na panahong ibinigay.</p> <p>(3) Ang mga walang kasong krimen at walang sentensya mula sa batas.</p> <p>(4) Ang hindi pa nakatanggap kahit kalian ng utos upang lumabas ng Japan o puwersahang pagpapa-uwi sa bansa.</p> <p>(5) Ang nakakasiguradong kaagad-agad makakalabas ng Japan.</p>
<p>Sistema ng deportasyon</p>	<p>Ang mga nahuli ay ikukulong. Pagkatapos ay ipapasa sa Immigration Bureau ng kanilang lugar upang asikasuhin ang mga papeles sa puwersahang pagpapa-uwi ngunit sa ibang pagkakatapon ang mga nahuli ay maari ding humarap ng kaso. Ang mga ipinatapon o puwersahang pinauwi ay hindi maaring makapasok o makabalik sa Japan ng 5 taon. Ang mga napatapon na sa nakaraan naman ay hindi maaring makabalik sa Japan sa loob ng 10 taon o habang buhay.</p> <p>* Pagpapahintulot sa patuloy na pamamalagi sa Japan: Ang mga taong puwersahang ipinapa-uwi ay maari ding pagkalooban ng pahintulot upang patuloy na makapamalagi sa Japan ng Miniters of Justice matapos suruin ang rason ng pananatili sa Japan. Ang nagdedesisyon ukol dito ay ang Minister of Justice. Ang napagkalooban ng ganitong pahintulot ay bibigyan ng status of residence at upang patuloy na makapanatili sa Japan.</p>



A Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

2 Tagal ng pananatili, Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, Pagbabago ng visa, Permanenteng residente, Pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa, Muling pagpasok sa Japan at Pagkuha ng visa

2-4 Pagbabago ng uri ng visa

Ang mga taong ang status of residence ay kabilang sa sumusunod tulad ng “Asawa o anak ng Hapon/Spouse or Child of Japanese National,” “Long-term Resident,” “Permanent Resident,” “Asawa ng Permanent Resident/Spouse or Child of Permanent Resident” ay pinapahintulutang magtrabaho kung kaya’t hindi ito kinakailangang papalitan o ipabago ang uri ng visa para makapagtrabaho. Ngunit ang mga taong hindi nakabibilang sa mga nabanggit ay kailangang papalitan ang uri ng visa upang makapagtrabaho. Kakailanganing pumunta sa Immigration Bureau upang mag-aplay sa pagpapalit ng visa. Ang mga kailangang dokumento upang isaad ang proseso ay naiiba ukol sa uri ng status of residence at haba ng pananatili sa Japan. Mangyari lamang makipag-ugnayan sa pinakamalapit na Immigration Bureau para sa mga importanteng detalye.

Mga dokumentong kailangang ihanda	Saan ipapasa ang dokumento/Sanggunian	Mula at hanggang kailan	Processing fee
<p>1 Application form para sa pagbabago ng uri ng visa</p> <p>2 Pasaporte</p> <p>3 Alien registration card</p> <p>4 Dokumentong nagsasaad ng dahilan sa pag-aplay</p> <p><kung sakaling natanggap na ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa></p> <p>5 Sertipiko ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa</p> <p>Atbp</p> <p>Pagbigay ng mga dokumentong tumutugon sa uri ng gawain sa loob ng bansang Hapon.</p>	<p>Saan ipapasa ang dokumento: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar</p> <p>Sanggunian: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar o di kaya’y sa Foreign Resident Information Center (Tingnan ang 4 Mga katanungan tungkol sa pananatili sa Japan)□</p>	<p>Mula sa panahon nang mapag-alaman ang dahilan ng pagpalit ng visa, bago ang petsa ng pagkawalang-bisa ng visa</p>	<p>Kapag natanggap ang pahintulot, kailangang magbayad ng 4,000 yen (para sa revenue stamp)</p>



A Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

2 Tagal ng pananatili, Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, Pagbabago ng visa, Permanenteng residente, Pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa, Muling pagpasok sa Japan at Pagkuha ng visa

2-5 Pahintulot para maging permanenteng residente

Sa mga nais maging permanenteng residente ng Japan, kailangang makatanggap ng pahintulot para sa permanent residency.

Mag-aplay sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar. Kapag pinahintulutang maging permanenteng residente, magiging "Permanent Resident" ang inyong visa at maaaring patuloy na tumira sa Japan na nananatiling dayuhan. Bagamat hindi na kailangang isagawa ang proseso ng renewal ng tagal ng pananatili o ng pagbabago ng uri ng visa, kailangang mag-aplay para sa re-entry kapag lumabas ng Japan para bumiyahе. May ilang kondisyon para makuha ang pahintulot para maging permanenteng residente kaya makipagsangguni sa pinakamalapit na tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar.

Processing fee: Kapag natanggap ang pahintulot, kailangang magbayad ng 8,000 yen (para sa revenue stamp)



A Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

2 Tagal ng pananatili, Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, Pagbabago ng visa, Permanenteng residente, Pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa, Muling pagpasok sa Japan at Pagkuha ng visa

2-6 Pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa

Halimbawa kung nais magtrabaho ng part-time ang isang foreign student, kailangang makatanggap ng pahintulot para makapagtrabaho. Para makapagtrabaho nang part-time at tumanggap ng sahod ang mga may hawak na visa na di pinahintulutang makapagtrabaho, kailangang kumuha ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar. Kung nagtrabaho nang di sakop sa ipinagkaloob na visa, matuturing itong “illegal employment” at mapapatawan ng penalty. Makipagsangguni sa pinakamalapit na tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar para sa detalye.

Mga dokumentong kailangang ihanda	Saan ipapasa ang dokumento/Sanggunian	Kailan	Processing fee
<p>1 Application form para sa pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa</p> <p>2 Dokumentong malinaw na nagpapatunay na ang gagawin ay may kinalaman sa pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa kasalukuyang ipinagkaloob na visa</p> <p>3 Pasaporte</p> <p>4 Alien registration card</p> <p>Atbp</p> <p>Pagpapakita ng mga dokumentong makakapagpatunay ng sarili (Sa kasong ang magbibigay ng application ay isang kinatawan)</p>	<p>Saan ipapasa ang dokumento: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar</p> <p>Sanggunian: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar o di kaya'y sa Foreign Resident Information Center (Tingnan ang 4 Mga katanungan tungkol sa pananatili sa Japan)</p>	<p>Kapag ibig makuha ang suweldo o bayad para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa</p>	<p>Walang bayad</p>

Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



A Uri ng visa o status of residence

[▶ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

別記第二十八号様式（第十九条）

日本国政府法務省
Ministry of Justice, Government of Japan

Sample		資格外活動許可申請書	
APPLICATION FOR PERMISSION TO ENGAGE IN ACTIVITY OTHER THAN THAT PERMITTED UNDER THE STATUS OF RESIDENCE PREVIOUSLY GRANTED			
To the Director General of		Regional Immigration Bureau	
出入国管理及び難民認定法第19条第2項の規定に基づき、次のとおり資格外活動の許可を申請します。 Pursuant to the provisions of Article 19, Paragraph 2 of the Immigration-Control and Refugee-Recognition Act, I hereby apply for permission to engage in activities other than those permitted under the status of residence previously granted.			
1 国籍 Nationality	2 氏名 Name	氏 Family name	名 Given names
3 性別 Sex	4 生年月日 Date of birth	年 Year	月 Month
5 出生地 Place of birth	6 配偶者の有無 Married / Single	7 職業 Occupation	8 本国における居住地 Home town / city
9 日本における居住地 Address in Japan	電話番号 Telephone No.		
10 旅券(1)番号 Passport Number	(2)有効期限 Date of expiration		年 Year
11 上陸許可又は在留資格取得年月日 Date of entry or permission to acquire status of residence	年 Year	月 Month	日 Day
12 現に有する在留資格 Status of residence	在留期間 Period of stay	在留期限 Date of expiration	年 Year
13 外国人登録証明書番号 Alien registration certification number			
14 現在の在留活動の内容 (学生にあっては学校名及び週間授業時間) Present activity (for student: name of school, lesson hours per week)			
15 他に従事しようとする活動の内容 Other activity to engage in			
(1)職務の内容 Type of activity	<input type="checkbox"/> 翻訳・通訳 Translation/ Interpretation	<input type="checkbox"/> 語学教師 Language teaching	<input type="checkbox"/> その他 () Other
(2)雇用契約期間 Term of employment contract	(3)週間稼働時間 Working hours per week	(4)月額報酬 Monthly salary	円
16 勤務先 Place of employment			
(1)名称 Name			
(2)所在地 Address	電話番号 Telephone No.		
(3)業種 Type of business	<input type="checkbox"/> 製造 Manufacturing	<input type="checkbox"/> 商業 Commerce	<input type="checkbox"/> 教育 Education
17 代理人(法定代理人による申請の場合に記入) Proxy (in case of legal representative)			
(1)氏名 Name	(2)本人との関係 Relationship with the applicant		
(3)住所 Address	電話番号 Telephone No.		
以上の記載内容は事実と相違ありません。 I hereby declare that the statement given above is true and correct.			
申請人(法定代理人)の署名 Signature of applicant (legal representative)			年 Year
			月 Month
			日 Day
18 代理人・申請取次者等 (申請取次者・弁護士・行政書士等による申請の場合に記入) Proxy, agent or other (in case of an agent, lawyer, administrative scrivener or other)			
(1)氏名 Name	(2)住所 Address		
(3)所属機関等 Organization to which the agent belongs	電話番号 Telephone No.		
官 用 欄 FOR OFFICIAL USE ONLY			
受理 E. D. NO.	外国人登録番号		
処理 許可期限 年 月 日	許可内容 コード	実務調査 コード	取次の場合 コード
	禁業 1. その他 2.	あり 1.	取次申請 1.
G 合議区分 受理庁コード	受理番号		
入力 受理年月日	許可年月日		
	年 月 日	年 月 日	不許可の場合 コード
			不許可 1. <input type="checkbox"/>

(出入 28 (ロ))





A Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

2 Tagal ng pananatili, Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, Pagbabago ng visa, Permanenteng residente, Pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa, Muling pagpasok sa Japan at Pagkuha ng visa

2-7 Pahintulot para muling makapasok sa Japan (re-entry permit)

Kapag pansamantalang lumabas ng Japan para magbiyahe ang mga may hawak na visa, tiyakin na makakuha ng re-entry permit sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar. Sa loob ng panahon ng inyong pananatili, kapag pansamantalang lalabas at muling papasok ng Japan, isagawa ang proseso para makakuha ng re-entry permit bago lumabas ng bansa. Sa oras ng muling pagpasok ng Japan, hindi na kailangang muling kumuha ng visa at maaaring manatili sa Japan na gamit ang visa na ipinagkaloob bago lumabas ng bansa.

(1) Ano ang tinatawag na re-entry permit?

Mahalagang proseso para sa mga may hawak na visa maliban sa mga humahawak ng Temporary Visitor na visa (mga taong bumisita ng Japan ng maikling panahon para sa layunin liban sa trabaho tulad ng sightseeing, pang-negosyo at pagbisita ng pamilya at kaibigan) ang pagsagawa nito kapag lalabas nang saglit at muling papasok ng Japan. Kapag lumabas ng Japan na di nakuha ito, mawawalan ng bisa ang ipinagkaloob na visa.

(2) Single entry at multiple entry na re-entry permit

Mayroong single entry at multiple entry na re-entry permit.

Single entry: Magagamit lamang ng isang beses.

Multiple entry: Maaaring gamitin ng maraming beses habang may bisa ang visa.

(3) Bisa ng re-entry permit

Hanggang sa petsa ng pagkawalang-bisa ng visa at hanggang sa 3 taon (4 na taon para sa special permanent resident) maaaring gamitin ang re-entry permit at hindi ito puwedeng lumampas dito. Mag-aplay para sa re-entry permit hanggang sa 10 araw bago ang petsa ng katapusan ng visa.

Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



A Uri ng visa o status of residence

▲ [Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

Mga dokumentong kailangang ihanda	Saan ipapasa ang dokumento/Sanggunian	Hanggang kailan	Processing fee
1 Application form para sa re-entry permit 2 Pasaporte 3 Alien registration card	Saan ipapasa ang dokumento: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar Sanggunian: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar o di kaya'y sa Foreign Resident Information Center (Tingnan ang 4 Mga katanungan tungkol sa paninirahan sa Japan)	Mag-aplay sa loob ng takdang panahon ng tagal ng bisa hanggang sa sampung araw bago ang petsa ng katapusan ng visa	Kapag naipagkaloob ang re-entry permit <Para sa single entry> 3,000 yen (para sa revenue stamp) <Para sa multiple entry> 6,000 yen (para sa revenue stamp)





A Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

2 Tagal ng pananatili, Pagpapatuloy ng tagal ng pananatili, Pagbabago ng visa, Permanenteng residente, Pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa, Muling pagpasok sa Japan at Pagkuha ng visa

2-8 Pagkuha ng visa (status of residence)

Para sa mga batang nasa Japan na ipinanganak dito at hindi humahawak ng Japanese citizenship, sa loob ng 30 araw mula sa kapanganakan, kailangang mag-aplay sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar at isagawa ang proseso ng pagkuha ng visa o status of residence. Subalit hindi na ito kailangan kung sakaling lalabas ng Japan sa loob ng 60 araw.

Mga dokumentong kailangang ihanda	Saan ipapasa ang dokumento/Sanggunian	Hanggang kailan	Processing fee
<p>1 Application form para sa pagkuha ng visa o status of residence</p> <p>2 Sertipiko sa pagrehistro ng kapanganakan o shusshou todoke, talaan ng kalusugan ng mag-ina o boshi kenkou techou, atbp</p> <p>3 Pasaporte o di kaya'y alien registration card ng mga magulang</p>	<p>Saan ipapasa ang dokumento: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar Sanggunian Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar o di kaya'y sa Foreign Resident Information Center (Tingnan ang 4 Mga katanungan tungkol sa paninirahan sa Japan)</p>	<p>Sa loob ng 30 araw mula sa kapanganakan (Subalit hindi na ito kailangan kung sakaling lalabas ng Japan sa loob ng 60 araw)</p>	<p>Walang bayad</p>

Impormasyon tungkol sa Pamumuhay sa Iba't-ibang Wika



A Uri ng visa o status of residence

[▶ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

別記第三十六号様式（第二十四条）

日本国政府法務省
Ministry of Justice, Government of Japan

Sample

在留資格取得許可申請書 APPLICATION FOR PERMISSION TO ACQUIRE STATUS OF RESIDENCE

入国管理局長 殿
Regional Immigration Bureau

To the Director General of

出入国管理及び難民認定法第22条の2第2項（第22条の3において準用する場合を含む。）の規定に基づき、次のとおり在留資格の取得を申請します。

Pursuant to the provisions of Article 22-2, Paragraph 2 (including cases where the same shall apply mutatis mutandis under Article 22-3) of the Immigration Control and Refugee Recognition Act, I hereby apply for permission to acquire status of residence.

1 国籍 Nationality _____ 2 氏名 Name _____
 3 性別 Sex Male/Female _____ 4 生年月日 Date of birth _____ 5 出生地 Place of birth _____
 6 配偶者の有無 Marital status Married / Single _____ 7 職業 Occupation _____ 8 本国における居住地 Home town/city _____
 9 日本における居住地 Address in Japan _____ 電話番号 Telephone No. _____
 10 旅券 (1) 番号 Passport Number _____ (2) 有効期限 Date of expiration _____ 年 月 日 Year Month Day
 11 外国人登録証明書番号 Alien registration certification number _____
 12 在留資格取得の事由 Cause of application
 出生 Birth 国籍離脱・喪失 Loss of Japanese nationality その他 (Others) _____
 13 希望する在留資格 Desired status of residence _____ 在留期間 Desired period of stay _____
 14 在留の目的 Purpose of stay _____
 15 在日親族 (父・母・配偶者・子・兄弟姉妹など) 及び同居者 Family in Japan (Father, Mother, Spouse, Son, Daughter, Brother, Sister or others) or co-residents

続柄 Relationship	氏名 Name	生年月日 Date of birth	国籍 Nationality	同居 Residing with applicant or not はい・いいえ Yes / No	勤務先・通学先 Place of employment/school	在留資格 Status of residence
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		
				はい・いいえ Yes / No		

16 在日身元保証人又は連絡先 Guarantor in Japan
 (1) 氏名 Name _____
 (2) 住所 Address _____ 電話番号 Telephone No. _____
 17 代理人 (法定代理人による申請の場合に記入) Proxy (in case of legal representative)
 (1) 氏名 Name _____ (2) 本人との関係 Relationship with the applicant _____
 (3) 住所 Address _____ 電話番号 Telephone No. _____

以上の記載内容は事実と相違ありません。I hereby declare that the statement given above is true and correct.

申請人 (法定代理人) の署名 _____ 年 月 日
 Signature of applicant (legal representative) _____ Year Month Day

18 代理人・申請取次者等 (申請取次者・弁護士・行政書士等による申請の場合に記入) Proxy, agent or other (in case of an agent, lawyer, administrative scrivener or other)
 (1) 氏名 Name _____ (2) 住所 Address _____
 (3) 所属機関等 (親族等については、本人との関係) Organization to which the agent belongs (in case of a relative, relationship with the applicant) _____ 電話番号 Telephone No. _____

官 用 欄 FOR OFFICIAL USE ONLY





A Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

3 Pagkuha ng sertipiko para sa mga pinapahintulatang trabaho ayon sa ipinagkaloob na visa (certificate of authorized employment)

Para sa kaginhawahan ng employer at ng dayuhan, sa mga dayuhan na nais makakuha nito, isang sertipiko na maliwanag nakasulat ang pinapahintulatang trabaho para sa taong iyon ang tinatawag na sertipiko para sa mga pinapahintulatang trabaho ayon sa ipinagkaloob na visa (certificate of authorized employment). Mag-aplay para dito sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar.

Mga dokumentong kailangang ihanda	Saan ipapasa ang dokumento/Sanggunian	Kailan	Processing fee
<p>1 Application form para sa ipagkaloob ng sertipiko para sa mga pinapahintulatang trabaho ayon sa ipinagkaloob na visa (certificate of authorized employment)</p> <p>2 Pasaporte o ang alien registration card</p> <p><Kapag ipinagkaloob na ang pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa></p> <p>3 Sertipiko ng pahintulot para sa mga gawaing di sakop sa ipinagkaloob na visa</p> <p>Atbp</p>	<p>Saan ipapasa ang dokumento: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar</p> <p>Sanggunian: Sa tanggapan ng Immigration Bureau sa inyong lugar o di kaya'y sa Foreign Resident Information Center (Tingnan ang 4 Mga katanungan tungkol sa paninirahan sa Japan)</p>	<p>Ayon sa pangangailangan</p>	<p>Kapag ipinagkaloob na ang sertipiko, kailangang magbayad ng 680 yen (para sa revenue stamp)</p>



A Uri ng visa o status of residence

[▲ Bumalik sa TOP ng A Uri ng visa o status of residence](#)

4 Mga katanungan tungkol sa paninirahan sa Japan

Sa Immigration Bureau, upang matugunan ang inyong mga katanungan na kaugnay ng proseso sa immigration o tungkol sa visa, nagtayo ng Foreign Resident Information Center sa tanggapan ng Immigration Bureau at mga sangay nito sa bawat rehiyon sa mga lugar ng Sendai, Tokyo, Yokohama, Nagoya, Osaka, Kobe, Hiroshima at Fukuoka. Tumatanggap ang mga ito ng tanong sa pamamagitan ng tawag o pagbisita hindi lamang sa wikang Hapon kundi sa ibang wika (tulad ng English, Koryano, Instik at Español.)

Bukod dito, mayroon ding nakatalagang mga counselor para sa konsultasyon sa tanggapan ng Immigration Bureau at mga sangay nito sa Sapporo, Takamatsu, at Naha. Tumatanggap ang mga ito ng tanong sa pamamagitan ng tawag o pagbisita kaya gamitin ang serbisyong ito kapag kinakailangan.

		Zip code	Address	Telepono
Foreign Resident Information Center	Sendai	〒983-0842	1-3-20 Gorin, Miyagino-ku, Sendai, Miyagi Prefecture	022-298-9014
	Tokyo	〒108-8255	5-5-30 Konan, Minato-ku, Tokyo	03-5796-7112
	Shinjuku	〒160-0021	Shinjuku Multicultural Plaza 11F Tokyo Metropolitan Health Plaza Hygeia 2-44-1 Kabukicho, Shinjuku-ku, Tokyo	03-3209-6177
	Yokohama	〒236-0002	10-7 Torihama-cho, Kanazawa-ku, Yokohama, Kanagawa Prefecture	045-769-0230
	Nagoya	〒455-8601	5-18 Shouhou-cho, Minato-ku, Nagoya, Aichi Prefecture	052-559-2151 052-559-2152
	Osaka	〒559-0034	1-29-53 Nanko-kita, Suminoe-ku, Osaka, Osaka Prefecture	06-4703-2150
	Kobe	〒650-0024	29 Kaigan-doori, Chuo-ku, Kobe, Hyogo Prefecture	078-326-5141
	Hiroshima	〒730-0012	6-30 Kami Hatchobori, Naka-ku, Hiroshima City, Hiroshima Prefecture	082-502-6060
May nakatalagang counselor para sa konsultasyon	Fukuoka	〒812-0003	Fukuoka Airport Terminal 3 (Domestic Flights) 778-1 Shimo Usui, Hakata-ku, Fukuoka City, Fukuoka Prefecture	092-626-5100
	Sapporo	〒060-0042	12 chome Oodoori-nishi, Chuo-ku, Sapporo, Hokkaido Prefecture	011-261-9667
	Takamatsu	〒760-0033	1-1 Marunouchi, Takamatsu, Kagawa Prefecture	087-822-5852
	Naha	〒900-0022	1-15-15 Hikawa, Naha, Okinawa Prefecture	098-831-5497

Mula sa website ng Immigration Bureau of Japan

